

Your Repentance Doesn't Burden Jesus Christ; It Brightens His Joy

By Sister Tamara W. Runia

First Counselor in the Young Women General Presidency

Ang Inyong Pagsisisi ay Hindi Nagpapabigat kay Jesucristo; Lalo Siyang Nagagalak Dito

Ni Sister Tamara W. Runia

Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

April 2025 general conference

The invitation to repent is an expression of God's love. Saying yes to that invitation is an expression of ours.

Several years ago on a trip to Florida, I sat outside reading a book. Its title suggested that we can still make it to heaven, even though we're not perfect now. A woman walking by asked, "Do you think it's possible?"

I looked up, confused, and then realized she was talking about the book I was reading. I said something ridiculous like, "Well, I'm not that far into it, but I'll let you know how it ends."

Oh, how I wish I could travel back in time! I'd tell her, "Yes, it's possible! Because heaven isn't for people who've been perfect; it's for people who've been forgiven, who choose Christ again and again."

Today I want to speak to those of us who sometimes feel, "Repentance and forgiveness seem to be working for everyone but me." Those who privately wonder, "Since I keep making the same mistakes, maybe this is the way I am." Those who, like me, have days when the covenant path feels so steep, it's almost a covenant hike!

A wonderful missionary in Australia, Elder QaQa from Fiji, shared a similar feeling in his departing testimony: "I know that God loves me, but sometimes I wonder, 'Does God know that I love Him?' Because I'm not perfect, and I still make mistakes."

Ang paanyayang magsisi ay isang pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos. Ang pagtanggap sa paanyayang iyon ay pagpapahayag ng sa atin.

Ilang taon na ang nakalilipas, sa isang biyahe papunta sa Florida, umupo ako sa labas habang binabasa ang isang aklat. Ipinahihiwatig ng pamagat nito na makapapasok pa rin tayo sa langit, kahit na hindi tayo perpekto ngayon. Nagtanggap ang isang babaeng dumaan, "Sa palagay mo ba ay posible iyon?"

Napatingin ako sa kanya, nalilito, pagkatapos ay natanto ko na ang aklat na binabasa ko ang tinutukoy niya. Katawa-tawa ang sinabi ko na parang, "Kaunti pa lang ang nababasa ko, pero ipapaalam ko sa iyo kung paano ito magwawakas."

O, sana maaari akong maglakbay pabalik sa nakaraan! Sasabihin ko sa kanya, "Oo, posible iyon! Sapagkat ang langit ay hindi para sa mga taong naging perpekto; ito ay para sa mga taong napatawad, na paulit-ulit na pinipili si Cristo."

Ngayon ay gusto kong mangusap sa mga kasama natin na nakadarama kung minsan na, "Tila ang pagsisisi at kapatawaran ay gumagana sa lahat maliban sa akin." Sa mga taong napapaisip, "Dahil patuloy kong nagagawa ang parehong pagkakamali, baka ganito na talaga ako." Sa mga katulad ko, na may mga araw na sa pakiramdam ay napakatarik ng landas ng tipan, parang pagakyat sa bundok ang tipan!

Ang isang kahanga-hangang missionary sa Australia, si Elder QaQana mula sa Fiji, ay nagbahagi ng katulad na pakiramdam sa kanyang huling patotoo bago siya umuwi: "Alam kong mahal ako ng Diyos, pero minsan naiisip ko, 'alam ba ng Diyos na mahal ko Siya?' Dahil hindi

In that one tender, haunting question, Elder QaQa summed up exactly what I've often worried about. Maybe you're wondering too, thinking, "I'm trying so hard, but does God know I'm really trying? When I keep falling short, does God know I still love Him?"

It saddens me to admit this, but I used to measure my relationship with the Savior by how perfectly I was living. I thought an obedient life meant I would never need to repent. And when I made mistakes, which was every single day, I distanced myself from God, thinking, "He must be so disappointed in me."

That's just not true.

I've learned that if you wait until you're clean enough or perfect enough to go to the Savior, you've missed the whole point!

What if we thought about commandments and obedience in a different way?

I testify that while God cares about our mistakes, He cares more about what happens after we make a mistake. Are we going to turn to Him again and again? Are we going to stay in this covenant relationship?

Maybe you hear the Lord's words "If [you] love me, keep my commandments" and feel deflated because you haven't kept all the commandments. Let me remind you that it is also a commandment to repent! In fact, it might be the most repeated commandment in the scriptures.

In Alma's soliloquy, "O that I were an angel, and could have the wish of [my] heart ... and cry repentance," he wasn't trying to shame us by pointing out our mistakes. He wanted to cry repentance so that you and I could avoid suffering in the world. One reason Alma hated sin is because it causes us pain.

Sometimes I have to remember, like a Post-it note on my forehead, that the commandments are the path away from pain. And repentance is too. Our prophet said, "The Savior loves us always but especially when we repent."

ako perpekto, at nagkakamali pa rin ako."

Sa magiliw pero nakababahalang tanong na iyon, ibinuod ni Elder QaQa kung ano mismo ang madalas kong ipag-alala. Marahil napapaisip din kayo, "Talagang nagsisikap ako, pero alam ba ng Diyos na talagang nagsisikap ako? Kapag nagkukulang ako, alam ba ng Diyos na mahal ko pa rin Siya?"

Nalulungkot akong aminin ito, pero sinuskat ko rin noon ang aking kaugnayan sa Tagapagligtas sa kung gaano kaperpekto ang buhay ko. Akala ko ang masunuring pamumuhay ay hindi na ako kailangang magsisi pa. At kapag nagkakamali ako, na nangyayari araw-araw, inilalayo ko ang sarili ko sa Diyos, iniisip na, "Malamang na talagang dismayado Siya sa akin."

Pero hindi iyon totoo.

Natutuhan ko na kung maghihintay ka hanggang sa maging sapat na malinis o sapat na perpekto ka upang lumapit sa Tagapagligtas, hindi mo nakuha ang buong punto!

Paano kung iba ang pagkaunawa natin sa mga tipan at pagsunod?

Pinatotohanan ko na bagaman nababalisa ang Diyos sa ating mga pagkakamali, mas mahalaga sa Kanya kung ano ang mangyayari-pagkataposnating magkamali. Babaling ba tayo sa Kanya nang paulit-ulit? Mananatili ba tayo sa pinagtipanang ugnayan na ito?

Marahil naririnig ninyo ang mga salita ng Panginoon, "Kung ako'y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" at pinanghinaan kayo ng loob dahil hindi ninyo natutupad ang lahat ng kautusan. Ipaaalala ko sa inyo na isang kautusan din ang magsisi! Sa katunayan, marahil ito ang kautusan na pinakamadalang ulitin sa banal na kasulatan.

Sa monologo ni Alma, "O na ako'y isang anghel, at matatamo ang mithiin ng aking puso ... at mangaral ng pagsisisi," hindi niya tangkang ipahiya tayo sa pamamagitan ng pagtukoy sa ating mga pagkakamali. Nais niyang mangaral ng pagsisisi upang tayo ay makaiwas sa pagdurusa sa mundo. Ang isang dahilan kung bakit ayaw ni Alma sa kasalanan ay dahil sa nagdudulot ito ng pasakit.

Kung minsan ay kailangan kong tandaan, tulad ng isang paalala na nakadikit sa aking noo, na ang mga kautusan ay ang landas palayo sa pasakit. At gayon din ang pagsisisi. Sinabi ng ating propeta, "Mahal tayo ng Tagapagligtas sa tuwina perolalo nakapag nagsisisi tayo."

So when the Lord says, “Repent ye, repent ye,” what if you imagined Him saying, “I love you. I love you.” Picture Him pleading with you to leave behind the behavior causing you pain, inviting you to step out of darkness and turn to His light.

In my daughter Carly’s ward, a new priest knelt to bless the sacrament, and instead of saying, “That they may do it in remembrance of the blood of thy Son,” he inadvertently said, “That they may do it in remembrance of the love of thy Son.” Tears filled Carly’s eyes as the truth of those words sank in.

Our Savior was willing to suffer the pain of His Atonement because He loves you. In fact, you are “the joy that was set before him” while He suffered.

The invitation to repent is an expression of God’s love.

Saying yes to that invitation is an expression of ours.

Picture your favorite image of Christ. Now imagine Him smiling brightly with joy each time you use His gift, because He is the “perfect brightness of hope.”

Yes, your repentance doesn’t burden Jesus Christ; it brightens His joy!
Let’s teach that!
Because repentance is our best news!

We don’t stay on the covenant path by never making a mistake. We stay on the path by repenting every day.

And when we’re repenting, God forgives without shaming us, comparing us to anyone else, or scolding us because this is the same thing we were repenting of last week.

He’s excited every time He sees us on our knees. He delights to forgive us because to Him we are delightful!

Don’t you just feel that’s true?
Then why is it so hard for us to believe?!

Satan, the great accuser and deceiver, uses shame to keep us from God. Shame is a dark-

Kaya kapag sinasabi ng Panginoon na, “Magsisi kayo, magsisi kayo,” isipin ninyo na sinasabi Niyang, “Mahal ko kayo. Mahal ko kayo.” Isipin ninyo na nakikiusap Siya sa inyo na iwaksi ang ugali na nakasasakit sa inyo, inaanyayahan kayo na lumabas sa kadiliman at bumaling sa Kanyang liwanag.

Sa ward ng aking anak na si Carly, isang bagong priest ang lumuhod upang basbasan ang sakramento, at sa halip na sabihin na, “Nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak,” hindi niya sinasadyang nasabi na, “Nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sapagmamahal ng inyong Anak.” Napuno ng luha ang mga mata ni Carly nang tumimo ang katotohanan ng mga salitang iyon.

Handang pagdusahan ng ating Tagapagligtas ang pasakit ng Kanyang Pagbabayad-sala dahil mahal Niya kayo. Sa katunayan, kayo ang “kagalakang inilagay sa kanyang harapan” habang Siya ay nagdurusa.

Ang paanyayang magsisi ay isang pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos.

Ang pagtanggap sa paanyayang iyon ay pagpapahayag ng sa atin.

Isipin ang inyong paboritong imahe ni Cristo. Ngayon, isipin na ngumingiti Siya nang may labis na kagalakan sa tuwing ginagamit ninyo ang Kanyang kaloob, dahil Siya ang “ganap na kaliwaganan ng pag-asa.”

Oo, ang inyong pagsisisi ay hindi nagpapabigat kay Jesucristo; lalo Siyang nagagalak dito!
Iyon ang ituro natin!

Dahil ang pagsisisi ang ating pinakamagandang balita!

Hindi tayo nananatili sa landas ng tipan sa pamamagitan ng hindi paggawa ng pagkakamali kailanman. Nananatili tayo sa landas sa pamamagitan ng pagsisisi araw-araw.

At kapag nagsisisi tayo, nagpapatawad ang Diyos nang hindi tayo ipinapahiya, ikinukumpara sa sinuman, o pinagagalitan dahil ito rin ang bagay na pinagsisihan natin noong nakaraang linggo.

Nasasabik Siya sa tuwing nakikita Niya tayong nakaluhod. Nagagalak Siyang patawarin tayo dahil tayo ay kalugod-lugod sa Kanya!

Hindi ba ninyo nadarama na totoo iyon?
Kung gayon, bakit hirap na hirap tayong paniwalaan ito?!

Si Satanas, ang dakilang tagapagparatangat manloloko, ay gumagamit ng kahihyan upang

nesssoheavy it feels that if you took it out of your body, it would have an actual weight or heft to it.

Shame is the voice that beats you up, saying, “What were you thinking?” “Do you ever get anything right?”

Shame doesn’t tell us wemadea mistake; it tells us weareour mistakes. You may even hear, “Hide.” The adversary does everything in his power to keep the heaviness inside, telling us the cost is too high, that it will be easier if this stays in darkness, removing all hope.

Satan is the thief of hope.

And you need to hear this, so I’ll say these words out loud: You are not the voice in your head or the mistakes you have made. You may need to say that out loud too. Tell Satan, “Not today.” Put him behind you.

Feel that pull, the godly sorrow that turns youtowardyour Savior, and watch His grace enter into your life and the lives of those you love. I promise that the minute we bring a broken heart courageously toward Him, He is immediately there.

If you saw someone drowning, wouldn’t you reach your hand out and rescue them? Can you imagine your Savior rejecting your outstretched hand? I imagine Him diving into the water, descending below all thingsto lift us up so we can take a fresh breath! No one can sink lower than the light of Christ shines.

The Savior is forever brighter than the darkness of shame. He would never attack your worth. So watch closely.

Imagine that this hand represents worth.

This hand represents obedience. Maybe you woke up this morning, said a meaningful prayer, and searched the scriptures to hear God’s voice. You’ve made good decisions and are treating the people around you with Christlikeness. You’re listening to general conference! Your obedience is here!

ilayo tayo sa Diyos. Ang kahihiyan ay isangnapa-kabigatna kadiliman kaya naman tila kapag inalis ito sa inyong katawan, may aktuwal na timbang ito.

Ang kahihiyan ang tinig na nagpapasama ng loob ninyo, nagsasabing, “Ano ang iniisip mo?” “May nagagawa ka pa bang tama?”

Ang kahihiyan ay hindi nagsasabingnakagawatayo ng pagkakamali; nagsasabi ito sa atin na tayomismoang ating mga pagkakamali. Marahil maririnig pa ninyo, “Magtago ka.” Ginagawa ng kaaway ang lahat ng kanyang makakaya upang panatilihing mabigat ang ating kalooban, sinasabi sa atin na ang kapalit ay masyadong malaki, na mas madali kung mananatili ito sa kadiliman, inaalis ang lahat ng pag-asa.

Si Satanas ang magnanakaw ng pag-asa.

At kailangan ninyo itong marinig, kaya sasabihin ko ang mga salitang ito nang malakas: Hindi kayo ang tinig sa inyong isipan o ang mga pagkakamaling nagawa ninyo. Marahil kailangan din ninyong sabihin iyon nang malakas. Sabihin kay Satanas, “Hindi ngayon.” Palayuun ninyo siya.

Damhin ang paghila na iyon, ang kalungkutang mula sa Diyos na nagbabaling sa inyotungo-sa inyong Tagapagligtas, at masdan ang Kanyang biyaya na pumasok sa inyong buhay at sa buhay ng mga taong mahal ninyo. Ipinapangako ko na sa oras na lakas-loob tayong lumapit sa Kanya nang may bagbag na puso, naroon Siya kaagad.

Kung may nakita kayong isang taong nalulunod, hindi ba ninyo iaabot ang inyong kamay at ililigtas siya? Naiisip ba ninyo ang inyong Tagapagligtas na tinatanggi ang inyong nakaunat na kamay? Naiisip ko na sumisisid Siya sa tubig, nagpapakababa sa lahat ng bagayupang iangat tayo nang sa gayon ay makahinga tayo! Walang lulubog nang mas malalim kaysa sa kayang abutin ng liwanag ni Cristo.

Ang Tagapagligtas ay habampanahong mas maliwanag kaysa sa kadiliman ng kahihiyan. Hindi Niya kailanman aatakihin ang inyong halaga. Kaya masdang mabuti.

Isipin na kumakatawan ang kamay na ito sa halaga.

Kumakatawan ang kamay na ito sa pagsunod. Marahil kayo ay nagising ngayong umaga, sumambit ng makabuluhang panalangin, at sinaliksik ang mga banal na kasulatan upang marinig ang tinig ng Diyos. Kayo ay nakagawa ng mabubuting desisyon at nakikitungo sa mga tao sa paligid ninyo sa paraang tulad ng gagawin

Or maybe things haven't gone so well. You've struggled lately to do those small, simple things to connect to heaven. You've made some decisions you aren't proud of.

Where is your worth? Has this hand moved at all?

Your worth isn't tied to obedience. Your worth is constant; it never changes. It was given to you by God, and there's nothing you or anyone else can do to change it. Obedience brings blessings; that is true. But worth isn't one of them. Your worth is always "great in the sight of God," no matter where your decisions have taken you.

While I make mistakes, I want to stay in covenant relationship with Christ, and I'll tell you why.

I grew up taking diving lessons and learned that when judges score a dive, they watch the execution. Was the entry perfectly vertical, with toes pointed and a small splash? Then they do something extraordinary. They factor in the degree of difficulty.

Everyone is diving with their own degree of difficulty. And your Savior is the only one who truly knows the difficulty you are diving with. I want a relationship with the one person who gets me, who knows my heart and how hard I'm trying!

He knows the mists of darkness are descending on all of us travelers and that our journey passes by the river of filth—so even when we're holding to the iron rod, we're going to get splashed.

Coming unto Christ is saying, "Will you help me?" with hope, a revealed assurance that His arms are extended to you always. I believe this fresh view of repentance means that even though we don't have perfect obedience yet, we try affectionate obedience now, choosing to stay, again and again, because we love Him.

ni Cristo. Kayo ay nakikinig sa pangkalahatang kumperensya! Ang inyong pagsunod ay narito!

O marahil, hindi masyadong maganda ang nangyayari. Kamakailan ay nahihirapan kayong gawin ang maliliit at simpleng bagay na iyon upang makakonekta sa langit. May nagawa kayong mga desisyon na hindi ninyo ipinagmamalaki.

Nasaan ang inyong halaga? Gumalaw ba ang kamay na ito?

Ang inyong halaga ay hindi nakatali sa pagsunod. Ang inyong halaga ay nananatiling pareho; hindi ito nagbabago kailanman. Ibinigay ito sa inyo ng Diyos, at kayo o ang sinuman ay walang magagawa upang mabago ito. Ang pagsunod ay nagdudulot ng mga pagpapala; totoo iyon. Pero ang halaga ay hindi kasama sa mga ito. Ang inyong halaga ay laging "labis-labis sa paningin ng Diyos," hindi alintana kung saan kayo dinala ng inyong mga desisyon.

Bagaman nakagagawa ako ng mga pagkakamali, gusto kong manatili sa pinagtipanang ugnayan kay Cristo, at sasabihin ko sa inyo kung bakit.

Ako ay lumaking kumukuha ng mga lesson sa pag-dive sa tubig at natuto na kapag nagbibigay ng iskor ang mga hurado sa pag-dive, pinanonood nila ang pagsasagawa. Ang pagpasok ba sa tubig ay tuwid na tuwid, at nakatuwid ba ang mga daliri sa paa at kaunti lamang ang talsik ng tubig? Pagkatapos ay gumagawa sila ng isang bagay na kahanga-hanga. Isinasaalang-alang nila ang antas ng hira.

Bawat isa ay nagdaranas ng sarili nilang antas ng paghihirap. At ang inyong Tagapagligtas ang tanging tunay na nakaaalam ng dinaranas ninyong paghihirap. Gusto ko ng ugnayan sa nag-iisang nilalang na nakauunawa sa akin, siya na nakaaalam sa nilalaman ng aking puso at kung gaano ako nagsisikap!

Alam Niya na ang abu-abo ng kadiliman ay bumabalot sa ating lahat na manlalakbay at na ang ating paglalakbay ay dumaraan sa ilog ng maruming tubig—kaya kahit nakahawak tayo sa gabay na bakal, maaapektuhan pa rin tayo ng kasamaan sa paligid natin.

Ang paglapit kay Cristo ay pagsasabing, "Maaari ba ninyo akong tulungan?" nang may pag-asa, isang inihayag na katiyakang ang Kanyang mga bisig ay nakaunat sa inyo lagi. Naniniwala ako na ang bagong pananaw na ito sa pagsisisi ay nangangahulugan na kahit hindi perpekto ang pagsunod natin sa ngayon, gayun-

Remember King Benjamin's people, who had no more disposition to do evil but only to do good continually? Do you think they packed up their tents, went home, and never made another mistake? Of course not! The difference is they no longer wanted to sin. They had affectionate obedience! Their hearts were turned and tuned to God while they struggled!

Once, at the beach, I saw a bird flying into the wind, flapping its wings so hard, almost frenetically, but staying in the same place. Then I noticed another bird, higher up. It had caught an updraft and was floating easily, unburdened in the wind. That's the difference between trying to do this by ourselves and turning to our Savior, letting Him lift us, with "healing in his wings."

As mission leaders in Australia, during our last visit with each missionary, we talked about 3 Nephi 17, where the people were close to the Savior and could hear Him praying for them. We asked, "If you could hear the Savior praying for you, what do you think He would say?"

To hear their answers was one of the most Spirit-filled experiences of my life. Every one of those missionaries would pause, and tears would fill their eyes as we reminded them, "Your Savior knows the degree of difficulty you're experiencing. He's felt it!"

This is what those missionaries quietly and tenderly shared: One sister said, "Jesus would tell the Father, 'She's doing her very best. I know how hard she is trying.'" An elder said, "With everything that's happened in his life, I'm so proud of him."

Let's try this. Tonight, before you pray, imagine Jesus Christ close by. He is your Advocate with the Father. Ask yourself, "What would my Savior say to the Father about me?"

man, sinusubukan natin ang pagsunod nang may pagmamahal ngayon, pinipiling manatili, nang paulit-ulit, dahil mahal natin Siya.

Naaalala ba ninyo ang mga tao ni Haring Benjamin na wala nang hangaring gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti? Sa palagay ninyo, sila ba ay nagligpit ng kanilang mga tolda, umuwi, at hindi na nakagawa ng isa pang pagkakamali kailanman? Siyempre hindi! Ang kaibhan ay hindi na nilaninais na magkasala. Sila ay may mapagmahal na pagsunod! Ang kanilang mga puso ay nakatuon at nakaayon sa Diyos bagama't nahihirapan sila!

Minsan, sa may dalampasigan, nakakita ako ng isang ibong lumilipad sa ere, ipinapagaspas nang todo ang mga pakpak nito, halos walang humpay, pero nananatili sa iisang lugar. Pagkatapos ay may napansin akong isa pang ibon, na mas mataas ang lipad. Ito ay nakasabay sa ihip ng hangin at umaangat nang madali, hindi alintana ang hangin. Iyon ang kaibhan sa pagitan ng pagsubok na gawin ito nang tayo lang mag-isa at ng pagbaling sa ating Tagapagligtas, hinahayaan Siyang iangat tayo, na may "pagpapagaling sa kanyang mga pakpak."

Bilang mga lider ng misyon sa Australia, sa aming huling pagbisita sa bawat missionary, nagsalita kami tungkol sa 3 Nephi 17, kung saan malapit ang mga tao sa Tagapagligtas at narinig nila Siyang nananalangin para sa kanila. Itinanong namin, "Kung maririnig ninyo ang Tagapagligtas na nananalangin para sa inyo, ano sa palagay ninyo ang sasabihin Niya?"

Ang marinig ang kanilang mga sagot ay isa sa mga pinakaespirituwal na karanasan ng aking buhay. Ang bawat isa sa mga missionary na iyon ay napahinto, at napuno ng mga luha ang kanilang mga mata nang ipaalala namin sa kanila, "Alam ng inyong Tagapagligtas ang antas ng paghihirap na nararanasan ninyo. Nadama na Niya ito!"

Ito ang tahimik at magiliw na ibinahagi ng mga missionary na iyon: Sinabi ng isang sister, "Sasabihin ni Jesus sa Ama, 'Ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya. Alam ko kung gaano ang pagsisikap niya.'" Sabi ng isang elder, "Pagkatapos ng lahat ng nangyari sa kanyang buhay, ipinagmamalaki ko siya."

Subukan natin ito. Ngayong gabi, bago kayo manalangin, isipin na malapit lamang si Jesu-cristo. Siya ang inyong Tagapamagitan sa Ama. Itanong sa inyong sarili, "Ano ang sasabihin ng

And then become silent.

Listen for that voice that says good things about you—the voice of the Savior, your finest friend, and your Father in Heaven, who is really there. Remember, Their love and your worth are always great, no matter what!

I stand here to witness that Jesus Christ gives light to those who sit in darkness. So, on those days when you feel that voice telling you to hide, that you should hide in a dark room all by yourself, I invite you to be brave and believe Christ! Walk over and turn on the Light—our Perfect Brightness of Hope.

Bathed in His light, you'll see people all around you who have felt alone too, but now, with the light on, you and they will wonder, "Why were we so afraid in the dark? And why did we stay there so long?"

"May the Lord of Lights wrap you in His arms and console and love you continually." May we love Him continually and choose Him, again and again. In the name of Jesus Christ, amen.

aking Tagapagligtas sa Ama tungkol sa akin?"

At pagkatapos ay manahimik.

Pakinggan ang tinig na iyon na nagsasabi ng magagandang bagay tungkol sa inyo—ang tinig ng Tagapagligtas, ang inyong pinakamatalik na kaibigan, at ang inyong Ama sa Langit, na talagang nariyan. Tandaan, ang Kanilang pagmamahal at ang inyong halaga ay laging malaki, anuman ang mangyari!

Nakatayo ako rito upang magpatotoo na si Jesucristo ay nagbibigay ng liwanag sa mga taong nasa kadiliman. Kaya, sa mga araw na iyon kung kailan nadarama ninyong sinasabihan kayo ng tinig na iyon na magtago, nadapat kayong magtago sa madilim na silid nang mag-isa, inaanyayahan ko kayo na maging matapang at maniwalang kay Cristo! Kumilos at buksan ang Ilaw—ang ating Ganap na Kaliwanagan ng Pag-asa.

Balot ng Kanyang liwanag, makikita ninyo ang mga tao sa paligid ninyo na nadamang nag-iisa rin sila, pero ngayong bukas na ang ilaw, magtataka kayo sa sila, "Bakit ba tayo takot na takot sa dilim? At bakit tayo nanatili roon nang matagal?"

"Nawa'y balutin kayo ng Panginoon ng Liwanag sa Kanyang mga bisig at aluin at mahalin kayo nang tuluy-tuloy." Nawa'y patuloy natin Siyang mahalin at paulit-ulit natin Siyang piliin. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.